タガログ語

# Siguraduhing gawin ang proseso

04/2026

Board of Education ng Lungsod ng Sakai

Sa Lahat ng mga Magulang / Tagapag-alaga

## Paunawa ito kaugnay sa 'Tanghalian sa Paaralan'

### 1 Ukol sa Tanghalian sa Paaralan

○ Sa loob ng siyam na taon mula sa unang baitang ng elementary (elementary section ng special needs school) hanggang sa ikatlong taon ng junior high school (junior high school section ng special needs school), nagbibigay ng kumpletong tanghalian (pangunahing pagkain, ulam, gatas) ayon sa pamantayan ng pagpapatupad ng pambansang pamahalaan.

### 2 Ukol sa Application Form para sa Tanghalian sa Paaralan

○ Para mabigyan ng tanghalian sa paaralan, kailangang magsumite ng application form para sa tanghalian sa paaralan. Kailangang magsumite ng isang application form para sa tanghalian sa paaralan para sa bawat anak.
○ Kapag nakapagsumite na ng form minsan, kahit na tumuloy sa mas mataas o lumipat sa ibang municipal school ng Lungsod ng Sakai (elementary, junior high school o special needs school), hindi kailangang magsumite nito muli.
○ Mangyaring sanggunian ang halimbawa ng pagsulat sa likuran, at pagkatapos sulatan, gupitin ang ikatlong pahina (kulay puti), ipaloob sa kulay kayumangging sobre ang unang pahina (kulay dilaw) at ikalawang pahina (kulay pink), at ihulog ito sa koreo. Hindi kailangang dikitan ng selyo.
* Mangyaring itabi sa inyong bahay ang ikatlong pahina (kulay puti).

### 3 Ukol sa Pagtigil ng Pagbibigay ng Bahagi o Kabuuan ng Tanghalian sa Paaralan dahil sa Allergy sa Pagkain atbp.

○ Kung ipapatigil ang pagbibigay ng bahagi o ng buong tanghalian sa paaralan dahil sa allergy sa pagkain atbp., mangyaring ikonsulta ang mga detalye sa paaralan dahil kailangang magsumite ng "Talaan ng Gabay sa Pangangasiwa sa Buhay sa Paaralan" at "Kahilingan ng Pagtugon sa Allergy sa Pagkain" sa paaralan.
○ Kung ipapatigil ang pagbibigay ng gatas o tinapay o kanin, mangyaring magsumite ng "Notipikasyon tungkol sa Tanghalian sa Paaralan (Pagbabago / Pagtigil / Pagbabalik sa Dati)" sa paaralan.

### 4 Ukol sa Bayarin sa Tanghalian sa Paaralan

○ 04/2026 ～ 03/2027 : Libre

<<Mapagtatanungan>>

| Kaugnay sa Pag-apply para sa Tanghalian sa Paaralan | Kaugnay sa Allergy sa Pagkain atbp. |
|---|---|
| [Namamahala] Lunch Accounting Section, School Lunch Division<br>3-1 Minami-Kawaramachi, Sakai-ku, Sakai-shi 590-0078<br>TEL: 072-228-7489 FAX: 072-228-7256 | [Namamahala] Sakai City School Lunch Center No. 1, School Lunch Division<br>1-2-3 Handanishi-machi, Naka-ku, Sakai-shi 599-8265<br>TEL: 072-284-9993 FAX: 072-284-9994 |

# Halimbawa ng Pagsulat sa Application Form para sa Tanghalian sa Paaralan

堺市学校給食費の管
堺市学校給食費口座

金融機関控

堺市長　殿［

堺市公金取扱金融機関　御中［口座振替・自動払込］

校給食　預金口座振替依頼書

[Puwang para sa Magulang / Tagapag-alaga]
Isulat ang address, buong pangalan, numero ng telepono, at relasyon sa bata.
[Puwang para sa Bata / Estudyante]
Isulat ang pangalan ng paaralan, at buong pangalan.

Isulat ang petsa kung kailan sinulatan ang form.

せるため、下記のとおり申し込みします。学校給食費は、
込みにあたり、裏面の注意事項及び同意事項を厳守します。

| 記入日 | 令和　X　年　X　月　X　日 |
|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 保護者 | | 堺市南瓦町３番１号 | | |
| | フリガナ | サカイ　タロウ | 児童・生徒から見た続柄 | 父 |
| | 氏　名 | 堺　太郎 | | |
| | 連絡先 | （日中に連絡がつく番号）　080 ― 1234 ― 5678　※ご記入の連絡先（父　母（circled）　） | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 児童・生徒 | 学校名 | 堺市立　〇〇〇 | ☑ 小学校　☐ 中学校<br>☐ 支援学校（分校）［☐ 小学部　☐ 中学部］ | |
| | フリガナ | サカイ　ジロウ | 学年組出席番号 | ☑ 新入生、転入生（＿＿年） |
| | 氏　名 | 堺　次郎 | | ☐ ＿＿年＿＿組＿＿番 |

Hindi kailangang isulat ang account information.